



# Kung paano magbubukas ng isang Canadian bank account

Kung bagong dating ka pa lang sa Canada, baka hindi mo pa alam ang banking system ng Canada. Bilang bagong residente ng Canada, ang unang pinansyal na bagay na dapat mong gawin ay pumili ng bangko at magbukas ng account.

## Kung bakit kailangan mo ng isang Canadian bank account

Kapag mayroon kang Canadian bank account, maaari kang mag-shopping, magbayad ng bills at mag-deposit ng mga cheque sa ligtas at madaling paraan.

Sa Alberta, karaniwang binabayaran ka electronically ng mga employer sa pamamagitan ng pagdedeposito ng iyong paycheque nang direkta sa iyong bank account. Maririnig mo na tinatawag itong direct deposit.

Ibig sabihin nito, madali mong maa-access ang pera mo. Hindi mo kailangang pumunta sa bangko para ideposito ang iyong cheque o hintaying ma-process ito.

### Ano'ng kailangan mong dalhin sa bangko

Titingnan ng banker mo ang ilang dokumento at kukumpirmahin ang iyong identity bago magbukas ng bank account para sa iyo.

- Mga landed immigrant: Ang mga landed immigrant ay kailangang magdala ng dalawang ID: isa mula sa List A, at ang pangalawa mula sa List A o B
- Mga foreign worker: Ang mga foreign worker ay kailangang magdala ng dalawang ID: isa mula sa List A at angikalawa mula sa List A o B. Kailangan mo ring ipakita:
    1. Ang iyong work permit
    2. Isang sulat mula sa iyong employer sa Alberta

### LIST A (isa o dalawa mula rito ang kailangan)

- Permanent Resident Card
- Citizenship and Immigration Canada Form IMM 1000, IMM 1442 o IMM 5292
- Valid driver's license mula sa Canada
- Social Insurance Number card mula sa Government of Canada
- Health insurance card mula sa isang Canadian province o territory (maliban sa Ontario, Manitoba, o Prince Edward Island)

## LIST B

- Valid passport (mula sa ibang bansa)
- Employee identification card na may pangalan at larawan mo, pangalan ng iyong employer at mula sa employer
  na kilala sa lugar
- Canadian bank card (o debit card) na may pirma mo
- Canadian credit card na may pangalan at pirma mo
- Hindi pa nag-e-expire na University o college student ID mula sa Canada na may pangalan, larawan at student number mo, at may bar code.

## Ang iyong bagong bank card (debit card)

Pagkatapos makumpirma ng iyong banker ang iyong identity at makipag-usap sa iyo tungkol sa mga detalye ng iyong account at mga dokumento, makakatanggap ka ng bank card. Madalas din itong tinatawag na debit card.

Gamit ang card na ito, makakapag-withdraw ka mula sa iyong bank account upang bumili ng mga bagay o mag-withdraw ng pera mula sa automated banking machine (ABM). Tinatawag din ito ng iba na ATM para sa automated teller machine o bank machine.

Gamit ang iyong ATM Financial debit card, maa-access mo ang savings mo nang 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo saanman sa Canada at sa 92 iba pang bansa sa buong mundo.

## Pagse-setup ng online at mobile banking

Kapag mayroon kang ATB bank account, magkakaroon ka ng opsyon na mag-set up ng online banking. Pagkatapos, magagamit mo na ang computer na may internet access upang makita kung magkano na ang pera sa iyong account, mag-transfer ng pera sa ibang account at magbayad ng mga bill.

Makakapag-download ka rin ng ATB Mobile upang pamahalaan ang iyong account mula sa isang smartphone o iba pang mobile device.

Tutulungan ka ng team sa anumang ATB Financial branch sa Alberta na i-set up ang lahat ng ito at kahit ano pang kailangan mo.

Para sa higit pang mga financial na opsyon para sa mga bagong residente ng Canada, bisitahin ang ATB Financial Smart Start page

ATB Financial®

All rights reserved. ®ATB Financial is a registered trademark of Alberta Treasury Branches.